# Application Guidelines para sa Gifu Prefecture Compliance Fund to Prevent Spread of COVID-19

Panahon ng aplikasyon: Abril 23, 2020 (Huwebes) hanggang Mayo 20, 2020 (Miyerkoles)
postmark sa sobre

Mag-apply sa pamamagitan ng registered mail o online (ang mga online application ay magsisimula sa Abril 30 (Miyerkoles).

## 1 Mga kinakailangan sa Aplikasyon

Ang mga nakakatugon sa lahat ng mga sumusunod na kinakailangan ay kwalipikado na mag-aplay para sa Compliance Fund.

① Nagmamay-ari ng isang negosyo (small at medium-sized business operator at sole proprietor) na nagpapatakbo ng kwalipikadong establisimiyento (tingnan ang nakalakip na listahan (1)) sa loob ng Gifu Prefecture.

② Nakakuha ng mga kinakailangang permit at lisensya atbp. upang mapatakbo ang kwalipikadong establisimiyento at nagooperate ng negosyo bago ang araw ng pagsuspinde alinsunod sa State of Emergency Measures na pinatupad (Abril 17, 2020).

③ Sumunod sa mga kahilingan ng Gifu Prefecture sa pamamagitan ng pagsuspinde ng operasyon atbp. para sa buong panahon na itinalaga ng State of Emergency Measures (Abril 18, 2020 hanggang Mayo 6, 2020). Sa application form, dapat punan ang mga detalye tungkol sa sitwasyon ng operasyon sa pagitan ng Abril 18 at Mayo 6.

Ang mga negosyong may main office sa labas ng Gifu Prefecture ay kwalipikado rin. Ang mga establisimiyento ng serbisyo sa pagkain at inumin tulad ng mga eateries, restawran, at mga cafes, ay kwalipikado rin kung binawasan nila ang mga oras ng negosyo sa pagitan ng 5:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi upang maputol ang mga operasyon sa gabi (ang pagsisilbi ng alkohol ay limitado hanggang 7:00 ng gabi). Ang mga nasabing negosyo na nagsuspinde ng operasyon ng buong araw ay kwalipikado rin.

Ang mga establisimiyento na nagsuspinde ng mga operasyon na sumusunod sa kahilingan ay maaaring makatanggap ng pondo nang walang kinalaman sa floor area.

④ Wala sa mga representative, executives, empleyado, manggagawa, o iba pang mga kasapi ng negosyo na nag-aaplay ng compensation ay isang “gang” tulad ng itinakda ng Gifu Prefecture Organized Crime Exclusion Ordinance Article 2 Paragraph 1, isang “miyembro ng gang” na itinakda sa Paragraph 2, o isang “gang atbp” tulad ng naitakda sa Paragraph 3 ng parehong Article at bukod dito, hindi ito mangyayari sa hinaharap.

Bilang karagdagan, walang mga ‘gang’, ‘miyembro ng gang’, o mga ‘gang atbp.’ tulad ng tinukoy sa itaas, ang may partisipasyon sa mga operasyon ng negosyo na mag-aaplay para sa pondo.

## 2 Mga dokumentong kinakailangan para sa Application Form

Isumite ang mga dokumentong nakasaad sa attached list (2). Ang pagsusumite ng mga karagdagang dokumento o karagdagang paliwanag ay maaaring hilingin kung kinakailangan. Ang mga dokumento ng aplikasyon ay hindi na maibabalik sa inyo.

(Paano makuha ang mga kinakailangang dokumento)

Ang mga dokumento atbp. na kinakailangan para sa aplikasyon ay maaaring makuha mula sa mga sumusunod na lugar.

・I-download mula sa website ng Gifu Prefectural Government

・Sa *Shinko-bosai-ka* (振興防災課) o *Sangyo-rodo-ka* (産業労働課) division ng Prefectural Regional Office (sa loob ng General Government Building 総合庁舎内).

・Mga itinalagang division sa inyong lokal na municipal office

**3　Paraan ng Pag-apply**

① Gamit ang post/ koreo

Mangyaring isumite ang mga dokumento ng aplikasyon sa address sa ibaba.

Ipadala ang mga dokumento sa pamamagitan ng registered mail upang masubaybayan ang post/koreo.

*Ipadala hanggang Mayo 20 (Miyerkules) (postmarked na sobre)

*Siguraduhing maglagay ng postage stamp at isulat ang pangalan at return address sa likod ng sobre.

*Sagot ng aplikante ang gastos sa postage stamp.

Address: 〒500-8570
Gifu kencho, Shingata-korona kakudai-boshi kyoryokukin uketsuke-kakari
(岐阜県庁 新型コロナ拡大防止協力金受付係 宛)

② Online application

Application ay mag-uumpisa sa Abril 30, 2020 (Huwebes)

Ang mga detalye ay ipo-post sa website ng Gifu Prefectural Government sa susunod na petsa. (Ang mga aplikasyon ay dapat isumite ng 23:59 sa Mayo 20 (Wed.))

*Ang mga aplikasyon na ihahatid nang personal ay hindi tatanggapin

**4　Pagpapasya sa pagbigay ng fund**

Pagkatapos suriin ang aplikasyon at mga dokumento, ang Compliance Fund ay babayaran kung sakaling sila ay napagpasyahan na kwalipikado. Ang mga pagbabayad ay gagawin mula Mayo 8, 2020 (Biyernes) pataas sa pagkakasunud-sunod ng natanggap na mga aplikasyon.

**5　Pagbibigay-alam ng mga resulta atbp.**

Pagkatapos suriin ang aplikasyon at mga dokumento, mabibigyan kayo ng notice kung sakaling napagpasyahan na kwalipikado makatanggap ng Compliance Fund.

At kung sakaling napag-desisyonan na hindi mabibigyan ng Compliance Fund pagkatapos na masuri ang inyong aplikasyon, padadalhan ng abiso ukol dito sa ibang araw.

**6　Iba pa**

1　Kung sakaling may mga katotohanang lumilitaw na nagpapakita na ang aplikante ay hindi nakamit ang mga kondisyon sa aplikasyon o kung hindi man ay nagsumite ng hindi

tamang impormasyon pagkatapos na magawa ang isang desisyon sa pagbabayad, pawawalang bisa ng Gifu Prefecture ang desisyon ng pagbabayad ng Compliance Fund. Sa ganitong kaso, bilang karagdagan sa pagbabayad ng Compliance Fund, ang aplikante ay hihilingin na magbayad ng karagdagang singil para sa bawat araw mula ng matanggap ang Compliance Fund sa pagbalik nito (ang halaga ay makakalkula batay sa taunang interest rate na 10.95% laban sa Compliance Fund sa halagang ¥500,000).

2 Kung sakaling, sa hindi maiiwasang mga kadahilanan, muling bubuksan ang operasyon ng isang kwalipikadong establisimiyento (kabilang ang bahagyang pagpapatuloy ng operasyon sa alinman sa inyong mga establisimiyento) sa loob ng itinalagang panahon (Abril 18, 2020 hanggang Mayo 6, 2020), dapat na ipaalam ito sa Gifu Prefecture COVID-19 Compliance Fund Consultation Center (numero ng telepono: 058-278-2551)

3 Tulad ng mga kaso kung saan nais talakayin, atbp ang mga katotohanan hinggil sa isinumiteng impormasyon, ang pangalan ng negosyo na nakatanggap ng Compliance Fund at ang mga pangalan ng establisimiyento nito ay maaaring ipahayag sa publiko.

〇**Mangyaring tingnan ang website ng Gifu Prefecture para sa mga detalye tungkol sa mga dokumento ng aplikasyon na isinumite (wikang Hapon lamang).**

https://www.pref.gifu.lg.jp/kinkyu-juyo-joho/shingata_corona_kyugyoyosei.html

**Para sa mga Katanungan tungkol sa Compliance Fund:**

COVID-19 Compliance Fund Consultation Center (Call Center)

Telepono 058 - 278 - 2551

Oras 8:30 ~ 17:15 (bukas din ang linya ng Sabado, Linggo at Pista Opisyal)

**Mga Konsultasyon sa Wikang Banyaga:** Ang mga opisinang ito ay magbibigay ng interpretation service sa pagitan ng mga aplikante at sa itaas na Call Center

- Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Gifu Prefecture
  Telepono: 058-263-8066
  Araw at Oras: Linggo ~ Biyernes, 9:00 ~ 18:00
- Kamo Prefectural Branch Office
  Telepono: 0574-25-1858
  (Portuguese) Lunes ~ Biyernes, 9:00 ~ 16:00
  (Tagalog) Lunes, Miyerkoles at Biyernes, 9:00 ~ 16:00
- Seino Prefectural Branch Office
  Telepono: 0584-73-3520
  (Portuguese) Lunes, Miyerkoles at Biyernes, 9:15 ~ 16:00